

Paggunita sa Octava ng Pasko ng Pagsilang:

PANALANGIN UKOL SA MGA ALAY *

OBLATA, Dómine, múnera, nova Unigéniti tui Nativitate sanctifica: nosque a peccatorum nostrorum máculis emúnda. Per eúndem Dóminum.

PANGINOON, pabanalín mo ang mga handog na ito pakundangan sa bagong Pagsilang ng iyong bugtong na Anak. Linisin mo kami sa dungis ng aming mga kasalanan. Sa pamamagitan pa rin ni Jesucristong Panginoon namin...

▪ *Prepasyo sa Pasko ng Pagsilang.*

ANG COMMUNICANTES SA MISA

SA AMING PAKIKIISA sa masayang pagdiriwang ng kabanal-banalang *gabi* nang isilang ng walang dungis sa pagkabirhen ni Santa Mariang pinagpala ang isang Manunubos sa daigdig na ito: at gayundin sa magalang na paggunita sa Mahal na Birheng Maria...*

ANTIPONA SA KOMUNYON • Mt 2:18

VOX in Rama audíta est, plorátus, et ululátus: Rachel plorans filios suos, et nóluit consolári, quia non sunt.

TINIG ay narinig sa Rama: isang tinig ng pananangis at malakas na panaghoy. Tinatangisan ni Raquel ang kanyang mga anak. Ayaw niyang paaliw sapagkat patay na sila.

PANALANGIN MATAPOS ANG KOMUNYON

VOTIVA, Dómine, dona percépiimus: quæ Sanctórum nobis précibus, et præséntis, quæsumus, vitæ páriter et ætérnæ tríbue conférre subsidiúm. Per Dóminum.

PANGINOON, tinanggap namin ang mga kaloob ng aming pamimintuho sa Iyo: isinasamo naming tulongan Mo kami pakundangan sa pagdalangin ng mga Banal para sa aming araw-araw na pamumuhay at sa kabilang-buhay. Sa pamamagitan ni Jesucristong Panginoon namin...

Paggunita sa Octava ng Pasko ng Pagsilang:

PANALANGIN MATAPOS ANG KOMUNYON *

PRAESTA quæsumus, omnípotens Deus: ut natus hódie Salvátor mundi, sicut divínæ nobis generatiónis est auctor; ita et immortalitátis sit ipse largítor: Qui tecum vivit.

HINHILING namin sa Iyo, makapangyarihang Dios, yamang isinilang ngayong araw ang Manunubos ng sanlibutan, ang maygawa ng kabanalan, sa ami'y siya rin ang magkaloob ng buhay na walang hanggan. Siyang nabubuhay at naghahari...



KAPISTAHAN NG MGA NIÑOS INOCENTES

Misa "Ex ore"

II cl. • Doble II cl. • Lila/Pula

Sa mas nakatatandang uso ng Rito Romano (pre-55), ito ang Misa kung matapat sa Linggo.

PAMBUNGAD NA ANTIPONA • Ps 8:3

EX ore infántium, Deus, et lacténtium perfecísti laudem propter inimicos tuos. — *Ps 8:2* Dómine, Dóminus noster: quam admirábile est nomen tuum in univérsa terra! *V.* Gloria Patri. Ex ore...

MULA sa labi ng mga sanggol at pasusuhin, Poong Mahal, mga mahal na papuri'y sayda Mong pinahusay dahil sa Iyong mga kalaban. — *Salmo 8:2* Panginoon, Panginoon namin, kahanga-hanga ang iyong ngalan sa sangkalupaan! *V.* Luwalhati sa Ama. — Mula sa labi...

▪ *Aawitin ang* Gloria in Excelsis Deo (Luwalhati sa Dios)

PANALANGIN SA MISA (KOLEKTA)

DEUS, cujus hodierna die præcónium Innocétes Mártyres non loquéndo, sed moriéndo conféssi sunt: ómnia in nobis vitiórum mala mortífica; ut fidem tuam, quam

O DIOS, ngayong araw ay inaawit ngayon ang iyong kapurihan ng mga Banal na Sanggol na Walang Malay na hindi tinig kundi sariling buhay na sa iyo'y iniukol: itulot mong ang lahat ng aming kasama'y iyong alisin, upang ang

lingua nostra loquitur, étiam móribus vita fateátur. Per Dóminum.

aming buhay ay ganap na maiapahayag ng pananampalataya sa aming salita. Sa pamamagitan ni Jesucristong Panginoon namin...

Paggunita sa Octava ng Pasko ng Pagsilang:

PANALANGIN SA MISA (KOLEKTA) *

CONCEDE, quásumus, omnípotens Deus: ut nos Unigéniti tui nova per carnem Natívtas liberet; quos sub peccáti iugo vetústa sérvitus tenet. Per eúndem Dóminum.

IPAGKALOOB Mo sa amin, isinasamo namin, makapangyarihang Dios, na mapalaya nawa kami sa lumang kaalipinan sa kasalanan, pakundangan sa bagong Pagsilang ng iyong Bugtong na Anak. Sa pamamagitan pa rin ni Jesucristong Panginoon namin...

SULAT • Ap 14:1-5

Pagbasa mula sa aklat ng Apocalipsis ni San Juan Apostol.

NOONG MGA ARAW NA YAON: Tumingin ako, at nakita ko ang Cordero na nakatayo sa Bundok ng Sion, kasama ang isandaan at apatnapu't apat na libong tao. Nakasulat sa kanilang noo ang pangalan ng Cordero at ang pangalan ng kanyang Ama. At narinig ko mula sa langit ang isang tinig na sinlakas ng rumaragasang tubig at dagundong ng kulog. Ang tinig na narinig ko'y parang tugtugan ng mga manunugtug ng alpa. Sila'y umaawit ng isang bagong awit sa harap ng trono, at sa harap ng apat na nilalang na buháy at sa harap ng matatandang pinuno. Walang matututong umawit sa awit na iyon kundi ang isandaan at apatnapu't apat na libong tinubos mula sa daigdig. Ito ang mga lalaking nanatiling walang dungis at hindi nakipagtalik sa mga babae. Nanatili silang mga birhen. Sumusunod sila sa Cordero saanman siya magpunta. Sila'y tinubos mula sa buong sangkatauhan bilang mga unang handog sa Dios at sa Cordero. Hindi sila nagsinungaling kailanman at wala silang anumang kapintasan. — **R. Salamat sa Dios.**

PANINGIT NA AWIT (GRADUAL) • Ps 123:7-8; Ps 112:1

ANIMA nostra, sicut passer, erépta est de láqueo venántium. **V.** Láqueus contrítus est, et nos liberáti sumus: adjutórium nostrum in nómine Dómini, qui fecit coelum et terram.

ANG KALULUWA nami'y iniligtas na pawang mga ibon mula sa umang ng manghuhuli. **V.** Nasira ang umang, kaya't tayo'y nakawala; ang tulong natin ay sa ngalan ng Panginoon, na may gawa ng langit at lupa.

Allelúia, allelúia. **V.** Laudáte, púeri, Dóminum, laudáte nomen Dómini. **Alleluia.**

Aleluya, aleluya! **V.** Purihin ninyo, kayong mga bata, ang Poong Mahal! Purihin ang kaniyang ngalan! **Aleluya.**

EBANGHELYO • Mt 2:13-18

Ang pagpapatuloy ng Ebanghelyo ayon kay San Mateo.

NOONG PANAHONG IYON: nagpakita kay Jose sa panaginip ang isang anghel ng Panginoon. Sinabi nito sa kanya, “Bumangon ka't dalhin mo agad sa Egipto ang iyong mag-ina. At huwag kayong aalis doon hangga't hindi ko sinasabi sapagkat hahanapin ni Herodes ang bata upang patayin.” Bumangon nga si Jose at nang gabi ring iyon, dinala niya sa Egipto ang kanyang mag-ina. Doon sila nanirahan hanggang sa mamatay si Herodes. Sa gayon, natupad ang sinabi ng Panginoon sa pamamagitan ng propeta: “Tinawag ko ang aking anak mula sa Egipto.” Galit na galit si Herodes nang malaman niyang nilinlang siya ng mga pantas. Kaya't ipinapatay niya ang lahat ng batang lalaki sa Bethlehem at sa palibot nito mula sa gulang na dalawang taon pababa, batay sa panahong sinabi sa kanya ng mga pantas. Sa gayon, natupad ang sinabi ni Propeta Jeremias: “Narinig sa Rama ang isang tinig, tinig ng pananangis at ng malakas na panaghoy. Tinatangisan ni Raquel ang kanyang mga anak. Ayaw niyang paaliw sapagkat patay na sila.”

— **R. Pinupuri ka namin, Panginoong Jesucristo.**

▪ **Walang Credo o Sumasampalataya.**

ANTIPONA SA PAG-AALAY • Ps 123:7

ANIMA nostra sicut passer, erépta est de láqueo venántium: láqueus contrítus est, et nos liberáti sumus.

ANG KALULUWA nami'y iniligtas na pawang mga ibon mula sa umang ng manghuhuli. Nasira ang umang, kaya't tayo'y nakawala.

PANALANGIN UKOL SA MGA ALAY

SANCTORUM tuórum, Dómine, nobis pia non desit orátio: quæ et múnera nostra concíliet, et tuam nobis indulgéntiam semper obtíneat. Per Dóminum.

HUWAG nawa kaming mapahiya pakundangan sa mahal na pagdalangin ng Iyong mga banal, Panginoon; kundi, gawin sana itong aming mga pag-aalay upang maging kalugod-lugod sa Iyo, nang sa gayo'y makamit namin lagi ang iyong habag at awa. Sa pamamagitan ni Jesucristong Panginoon namin...